

Enero 15, 2021

Kautusang Tagapagpaganap 2021-02

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2021-02**  
**(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 72)**

**Tiered Mitigation Order**

**SAPAGKAT**, ang Coronavirus 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang sakit sa paghinga, ay mabilis na kumalat sa buong Illinois at nagpapatuloy na nangangailangan ng mahigpit na gabay mula sa pederal, estado, at lokal na opisyal ng kalusugan ng publiko at makabuluhang hakbang upang tumugon sa tumataas na kalamidad sa kalusugan ng publiko; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay maaaring kumalat sa mga tao sa pamamagitan ng transmisyon sa respirasyon, ang mga taong walang sintomas ay maaaring magpasa ng virus, at sa kasalukuyan ay wala itong ganap na epektibong paggamot, at ang pagbibigay ng bakuna ay nasa maagang yugto; at,

**SAPAGKAT**, para sa pagpapanatili ng kalusugan at kaligtasan ng publiko sa buong Estado ng Illinois, at upang matiyak na ang ating sistema ng paghahatid ng pangangalaga ng kalusugan ay may kakayahang maglingkod sa mga may sakit, nalaman kong kinakailangan na gumawa ng karagdagang mga hakbang na naaayon sa patnubay sa kalusugan ng publiko upang mapabagal at mapigil ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Enero 8, 2021, bilang pagsasaalang-alang sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara kong muli lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, sa pakikipagtulungan sa mga eksperto sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan, naglabas ako ng sadyang plano na gumagamit ng maraming mga baitang ng mga hakbang sa pagpapagaan upang labanan ang muling pag-usbong ng COVID-19 at maiwasan ang hindi mapigilang pagkalat; at,

**SAPAGKAT**, dahil sa makabuluhang pagkalat ng virus at pagdagsa ng mga pasyenteng may COVID-19 na pinapasok sa mga kama sa ospital at mga kama ng ICU, noong Nobyembre 20, 2020, nagpataw ako ng isang Tier 3 na plano ng pagpapagaan sa buong estado; at,

**SAPAGKAT**, ang mga antas ng pagiging positibo sa buong estado at mga bagong kaso ng COVID-19 ay tumaas noong Nobyembre 2020, at sa pangkalahatan ay bumaba noong Disyembre 2020 at sa unang kalahati ng Enero 2021; at,

**SAPAGKAT**, dahil sa pagpapabuti na ito, nararapat sa oras na ito na bumalik sa isang panrehiyong diskarte kung saan ang mga hakbang sa pagpapagaan ay natutukoy ng mga sukatan ng COVID-19 sa rehiyon; at,

**WHEREAS**, batay sa mga sukatang iyon, ang Mga Rehiyon 1, 2, at 5 ay kwalipikado na bumalik sa Tier 2 ng plano ng pagpapagaan ng Estado;

**SAMAKATUWID**, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng mga kapangyarihan sa mga batas sa kalusugang pampubliko, inuutos ko ang mga sumusunod, epektibo agad:

**Seksyon 1.** Ang sumusunod na mga paghihigpit at pagpapagaan ng kalusugan ng publiko sa Tier 2 ay itinatag para sa Rehiyon 1 (Boone, Carroll, DeKalb, Jo Daviess, Lee, Ogle, Stephenson, Whiteside, at mga probinsya ng Winnebago), Rehiyon 2 (Bureau, Fulton, Grundy, Henderson, Henry, Kendall, Knox, La Salle, Livingston, Marshall, McDonough, McLean, Mercer, Peoria, Putnam, Rock Island, Stark, Tazewell, Warren, at mga probinsya ng Woodford), at Region 5 (Alexander, Edwards, Franklin, Gallatin, Hamilton, Hardin, Jackson, Jefferson, Johnson, Marion, Massac, Perry, Pope, Pulaski, Saline, Union, Wabash, Wayne, White, at mga probinsya ng Williamson):

- a. Pagpapagaan para sa mga restawran at inuman. Ang mga restawran at inuman sa rehiyon ay napapasailalim sa mga paghihigpit at mga hakbang sa pagpapagaan, na karagdagan sa patnubay ng Yugto 4 mula sa Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad sa Ekonomiya para sa Panloob at Panlabas na Kainan:
  1. Lahat ng mga restawran at inuman sa rehiyon ay dapat magsara ng 11:00 ng gabi, at dapat manatiling nakasara hanggang 6:00 ng umaga sa susunod na araw.
  2. Lahat ng mga restawran at inuman sa rehiyon ay dapat itigil ang panloob na pagkonsumo sa lugar.
  3. Lahat ng mga parokyano na kumakain o umiinom sa lugar ay dapat na nakaupo sa mga panlabas na mesa na may pagitan ng hindi bababa sa anim na talampakan. Ang maramihang partido ay hindi dapat nakaupo sa iisang mesa. Ang mga partido ay limitado sa mga pangkat ng anim o mas kaunti.
  4. Ang mga parokyano na hindi pa nakaupo sa isang lamesa ay dapat maghintay sa labas at, habang naghihintay, hindi dapat magtipon-tipon sa mga pangkat na mas malaki sa grupo na kasama nilang kakain. Ang pagtayo, pagtitipon, o pagsasayaw sa loob ay hindi pinapayagan.
  5. Ang bawat grupo ay dapat may reserbasyon, kahit na isinagawa sa mismong lugar, upang ang restawran o inuman ay may impormasyon na makokontak para sa bawat grupo kapag kailangan ang contact tracing.
- b. Pagpapagaan para sa mga pagpupulong at mga kaganapang panlipunan. Ang mga pagpupulong at mga kaganapan sa lipunan sa rehiyon ay napapasailalim sa mga paghihigpit na ito at mga hakbang sa pagpapagaan, na dagdag sa patnubay ng Yugto 4 mula sa Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad sa Ekonomiya para sa Mga Pagpupulong at Kaganapang Panlipunan:
  1. Ang mga pagpupulong at mga kaganapang panlipunan ay limitado sa 10 tao o mas kaunti.
  2. Ang mga listahan ng pagdalo ay dapat itago para sa contact tracing.
  3. Ang mga bus para sa pagdiriwang ay hindi pinapayagan.
- c. Pagpapagaan para sa pasugalan at mga casino. Ang pasugalan at mga casino sa rehiyon ay napasailalim sa mga paghihigpit na ito at mga hakbang sa pagpapagaan:
  1. Ang mga lugar ng pasugalan at mga casino ay dapat sarado, at mga istasyon ng pasugalan ay dapat tumigil ang operasyon sa pagitan ng alas-onse ng gabi at alas-sais ng umaga ng sumunod na araw.
  2. Ang mga lugar ng pasugalan at mga casino ay limitado sa 25% na kapasidad.
  3. Ang mga lugar ng pasugalan at mga casino ay dapat sumunod sa mga estratehiya ng pagpapagaan para sa mga restawran at mga inuman para sa mga bahagi ng kanilang pasilidad.
- d. Pagpapagaan para sa panloob at panlabas na libangan. Ang mga pasilidad ng panloob at panlabas na libangan sa rehiyon ay napasailalim sa mga paghihigpit at mga hakbang sa

pagpapagaan, na dugtong sa patnubay ng Ikaapat ng Yugto mula sa Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad sa Ekonomiya para sa Panloob at Panlabas na Libangan:

1. Ang mga pasilidad ay limitado sa mas kaunti sa 25 mga tao o 25% na kapasidad.
  2. Ang mga pangkat ay limitado sa 10 tao o mas kaunti.
- e. Pagpapagaan para sa lahat ng lugar ng trabaho. Ang mga negosyo at mga establisyemento ay dapat magtaguyod ng malayuang pagtatrabaho para sa mga indibidwal na may mataas na peligro, at dapat suriin kung dapat dagdagan ang mga manggagawa na nagtatrabaho nang malayuan. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hinihikayat ang malayuang pagtatrabaho para sa manggagawa hangga't maaari.

**Seksyon 2.** Ang Kautusang Tagapagpaganap ay nagdaragdag ng Tier 3 Mitigations Order (Kautusang Tagapagpaganap 2020-73) para sa Mga Rehiyon 1, 2 at 5. Ang Tier 3 Mitigations Order ay nananatiling may bisa para sa iba pang Mga Rehiyon, at nananatiling may bisa para sa Mga Rehiyon 1, 2, at 5 maliban kung ang mga termino nito ay hindi naaayon sa mga malinaw na nakasaad sa Seksyon 1 sa itaas. Ang mga karagdagang kinakailangan ng Tier 3 Mitigations Order, kabilang ang mga kinakailangang nauugnay sa pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao at pagsusuot ng mga pantakip sa mukha, ay mananatili sa lugar.

**Seksyon 3.** Ang mga pagbubukod na nakalagay sa Seksyon 4 ng Tier 3 Mitigation Order ay nalalapat sa Kautusang Tagapagpaganap na ito. Alang-alang sa kalinawan at upang payagan ang pagpapalano sa hinaharap, ang pangunahing mga pagbubukod ay isinalin sa ibaba, at hindi ko balak na alisin ang mga pagbubukod na ito sa panahon ng mga proklamasyon ng kalamidad dahil sa COVID-19.

- a. **Malayang paggamit ng relihiyon.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi nililimitahan ang malayang paggamit ng relihiyon. Upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga pinuno ng pananampalataya, kawani, mga nagtipon-tipon at mga bisita, ang mga samahang pangrelihiyon at mga bahay ng pagsamba ay mahigpit na hinihikayat na kumonsulta at sundin ang inirekomendang mga kaugalian at patnubay mula sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Illinois.<sup>1</sup> Tulad ng nakalagay sa mga alituntunin ng IDPH, ang pinakaligtas na kasanayan para sa mga relihiyosong samahan sa oras na ito ay ang magbigay ng mga serbisyo gamit ang internet, sa drive-in na ayos, o sa labas (at naaayon sa mga kailanganin para sa pagitan mula sa kapwa-tao at patnubay patungkol sa pagsusuot ng mga takip sa mukha), at limitahan ang pagsisilbi sa 10 katao. Mahigpit na hinihikayat ang mga samahang pang-relihiyon na gumawa ng mga hakbang upang matiyak ang pagitan sa kapwa-tao, ang paggamit ng mga takip sa mukha, at pagpapatupad ng iba pang hakbang para sa pamublikong kalusugan.
- b. **Mga tungkulin sa oras ng kagipitan.** Ang lahat ng mga pangunahing tagatugon, mga pang-emerhensiyang tauhan ng pamamahala, mga pang-emerhensiyang despatsador, mga tauhan ng korte, mga nagpapatupad ng batas at mga tauhan ng pagwawasto, mga tagatugon para sa mapanganib na materyales, mga tauhan para sa proteksyon at kapakanan ng bata, mga tauhan ng pabahay at tirahan, militar, at iba pang mga empleyado ng gobyerno na nagtatrabaho o sumusuporta sa emerhensiyang tugon ay hindi saklaw ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ngunit hinihikayat na magsagawa ng pagitan sa kapwa-tao at gawin ang mga inirekomendang hakbang para sa pamublikong kalusugan.
- c. **Mga tungkulin ng pamahalaan.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi nalalapat sa pamahalaan ng Estados Unidos at hindi nakakaapekto sa mga serbisyong ibinigay ng Estado o anumang munisipalidad, bayan, probinsiya, pangkat o ahensya ng gobyerno ay kinakailangang tiyakin ang patuloy na pagpapatakbo sa mga ahensya ng gobyerno o magbigay ng o suportahan ang

---

<sup>1</sup>Ang patnubay na ito ay matatagpuan sa: <https://www.dph.illinois.gov/covid19/community-guidance/places-worship-guidance>

kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng publiko.

**Seksyon 4.** Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon sa sinuman o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng nasakupan, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap, na maaaring bigyang epekto kahit na walang probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang matatapos.

---

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Enero 15, 2021  
Isinalin ng Kalihim ng Estado Enero 15, 2021